

1

“Tia Berty, nandiyan ho ba si Aldo?”

Pumasok si Kristina ‘Kristi’ Ilagan sa loob ng *Berty’s Bar and Grill*. Ang puwesto nito ay kabilang sa mga hilera ng kainan na matatagpuan sa mismong bukana ng *Cagsawa Ruins Park* sa Albay.

Nadatnan niya ang matanda sa likod ng estante, nagbabasa ito ng diyaryo. Nginitian siya nito nang mamukhaan siya.

Dati nilang labandera si Tia Berty at nanay rin ito ng best friend niyang si Aldo. “Sumama sa *ATV*, may mga turistang foreigner kasi na gustong makita ang *Mayon*.”

Tinupi nito ang diyaryo at binuksan naman ang estante ng mga biscuit, instant noodles, kape at mga candy upang ayusin ang mga dati nang maayos na kalalagyan ng mga naka-display na paninda.

“Ah, safe na ba ulit umakyat sa itaas?” Nasa alert level 2 ang *Bulkang Mayon* matapos magbuga ng sulfur at lava ang bunganga niyon noong nakaraang araw.

Nakitaan din iyon ng pamamaga ng katawan ng *Phivolcs*, kaya mahigpit na ipinagbawal ng local na pamahalaan ang anumang gawain within the six-kilometer permanent danger zone.

“Hindi pa, pero ibinaba na sa level 1 ang peligro, kaya puwede silang mamasyal sa may paanan.”

“Eh, di mabuti naman. Lalakas ulit ang business ninyo, Tia Berty.” Tinungo ng dalaga ang estante at nangalumbaba.

She’s bored and she had nothing to do, kaya nga sinugod niya ang lungga ng kaibigan niya. Kaso minalas naman siya dahil wala ito. Pagtitiyagaan na lang niya muna si Tia Berty. Masarap naman itong kausap, tiyak na malilibang siya.

Nandoon pa rin sa sulok ang matanda at nagpupunas ng alikabok. Ngunit tumayo ito at hinarap siya. Dalawa na silang nakapangalumbaba sa ibabaw ng estante.

“Sana nga, Kristi, hija. Aba’y ilang linggo na kaming nilalangaw dito sa puwesto namin simula nang ipinagbawal ang pagpunta sa bulkan. Luging-lugi na ako sa puhunan. Mahina kasi ang mga dayo kapag ganoon at walang kumakain dito, pero hindi naman binabawasan ang upa namin sa puwesto. Baka kapag nag-alboroto ulit ang *Mayon* ay magsasara na muna kami ng tindahan.”

“Naku, papaano na kayo?” Bigla, pati si Kristi ay namroblema. Ang puwesto na nga lang nito ang tanging hideaway niya, mawawala pa.

“Bahala na. Wala kasi kaming perang panggastos sa mga kailangan ni Aldo. Siya lang talaga ang pag-asa naming gumanda ang buhay namin,” himutok nito.

Nagtataakang napatingin siya kay Tia Berty. “Saudi?”

“Oo. Hindi ba niya sinabi sa iyo? Niyayaya siya ng kaibigan niya na galing na doon. Iyon daw muna ang sasagot ng pamasaha niya papuntang Saudi. Kaso malaki din pala ang gagastusin para sa passport at medical examination niya at sa kung ano pang mga papeles na kailangan.”

“Bakit po? Magkano ba’ng aabutin ang gastos?” Puwede niyang pahiramín ng panggastos ang kaibigan niya.

Paldo siya.

Pumalo ang paintings ni Kristi nang mag-exhibit sila ng mga kaibigan niya sa isang sikat na art gallery. Kumita siya ng halos kalahating milyon. Pagpipinta ang raket niya at nakatatlong exhibits na rin siya sa Maynila na pawang kumita.

Balak niyang ipunin ang kinikita upang may panggastos din siya kapag natuloy ang balak niyang makapag-exhibit abroad. Tinatapos lang niya ang mga obra niya.

But she could always lend him a helping hand.

Naawa rin kasi siya kay Tia Berty.

Biyuda na ito at may tatlo pang nakakabatang kapatid si Aldo na pawang nag-aaral pa rin. Vocational course ang kinuha ng mga ito sa *TESDA*. Libre ang tuition fee at tanging baon at pang-araw-araw na gastos sa eskuwela ang problema ni Tia Berty.

Pero ang kinikita nito ay hindi pa rin sapat upang matugunan ang lahat ng pangangailangan ng buong pamilya. Lalo pa at hindi naman nakapagtapos ng pag-aaral si Aldo at walang pag-asang makakuha ng magandang trabaho.

Nakatuntong ng college ang kaibigan niya, pero hanggang third year lang ang inabot nito sa kursong Architecture dahil sa pagkamatay ng ama nito.

Contractual employee sa munisipyo ng Daraga si Mang Nilo bilang street sweeper at ito ang breadwinner sa pamilya. Pero minalas itong mabundol ng isang rumaragasang truck ng buhangin minsang naglilinis sa kalsada at ang pagkabagok ng ulo sa semento ang ikinamatay nito.

Sinagot lahat ng may-ari ng truck ang gastos sa burol at pagpapalibing kay Mang Nilo. At binigyan pa si Tia Berty ng maipupuhunan sa negosyo.

It had been six years now since his father died, but Aldo wasn't able to go back to school. Kailangan na rin nito ang kumayod para makatulong sa pamilya.

Sa ngayon ay ito ang caretaker ng *ATV Mayon Run* na pagmamay-ari ni Mr. Tan, ang pinakamayamang negosyante ng Albay. All-terrain vehicle ang ginagamit sa pamamasyal sa paligid ng bulkan.

Malakas ang kita ng *ATV MR* kapag summer. Tag-init kasi at maraming bakasyunista ang dumadayo ng Bicol. Malakas ang

turismo sa lugar nila dahil sa maraming magagandang tourist spots.

Bukod sa *Mayon Volcano*, dinarayo rin ng mga turista roon ang *Cagsawa Ruins*. Naroroon ang belfry na tanging natira sa Franciscan church na itinayo pa noong panahon pa ni kopong kopong.

Maraming tao ang namatay na taga-Daraga nang sumabog nang pinamalakas ang *Bulkang Mayon* noon at natabunan ang mga taong nasa loob ng simbahan.

Marami ring nagagandahang abaca products na naka-display sa park ng Cagsawa at isa ring pang-akit sa mga turista. People could buy anything from exquisite bags to delectable crispy candy pili while enjoying a slurp of chili fruit smoothies.

Kapag ganito ay malaki rin ang kita ni Aldo dahil bukod sa may regular itong sahod ay nakakatanggap pa ito ng bonus mula sa amo. Mabait daw na amo si Mr. Tan, ayon mismo sa kaibigan niya, kaya naman siguro ipinagpapala ng Maykapal.

“Bakit hindi siya mangutang kay Mr. Tan para makapag-abroad siya?” biglang naisip itanong ni Kristi kay Tia Berty. “Maraming pera ang amo niya, puwede siyang pahiramin.”

“Oo nga, kaso nakakahiya na. Sa kanya rin kami humiram ng pambayad sa ospital nang ma-dengue si Jenny. Hindi pa nga namin nababayaran.” Ang tinutukoy nito ay ang kapatid ni Aldo na kalalabas lang ng pagamutan nang nakaraang linggo.

“Ganoon ba?”

“Buti nga at nakalibre na kami sa doktor at gamot. Naku! Paano kung wala ang daddy mo? Baka hindi na nabuhay si Jenny!”

Parehong doktor ang mommy at daddy ni Kristi. Pediatrician ang kanyang ama samantalang ob-gyne naman ang ina niya. Nag-iisang anak lang siya ng mga magulang niya.

Si Dr. Rodrigo Ilagan ang gumamot kay Jenny nang itakbo ang huli sa ospital.

“Hayaan ninyo, Tia Berty, kakausapin ko si Aldo. Puwede ko siyang pahiram ng pera.”

Biglang naglaho ang pagkasimangot ng matanda. Nagpakawala ito nang ubod-tamis na ngiti. “Talaga, Kristi? Ikaw pala ang anghel dela guardia namin!”

“Naman!” Natawa siya sa tawag nito sa kanya.

“Salamat talaga!” Hindi na ito nakatiis, umikot ito palabas ng estante at dinaluhong siya ng yakap at halik sa pisngi. Feeling niya, mapipisa ang kanyang katawan sa katabaan nito. “I labyu, Kristi!”

Napahalakhak siya.

“Ambait mo talaga, Kristi. Ang suwerte ni Aldo at naging kaibigan ka niya.” Binitawan siya nito pero hindi pa rin maalis ang ngiti. Nagsimula na rin itong maluha, kaya binigyan niya ito

ng tissue na nahablot sa ibabaw ng mesa.

“Masuwerte rin ho ako sa kanya. Nakakaya niyang sakyan lahat ng kabaliwan ko. Ang totoo nga niyan ay siya ang mabait at hindi ako.”

“Mabait talaga si Aldo,” humihikbing sabi ni Tia Berty habang nagpupunas ng luha. “Nahihiya na nga ako. Lahat ng kita niya, eh, ibinibigay sa akin para matulungan lang ako.”

“Huwag na ho kayong malungkot. Dapat nga magsaya na kayo at makakapag-abroad na rin siya.”

Bumuntonghininga ito. “Ginhawa na rin kami sa wakas. Salamat, Kristi. Nakakahiya, kahit hindi na ako namamasukan sa inyo, hindi pa rin kayo nagsasawang tumulong sa aming mag-anak.”

“Tia Berty naman. Pati ako niyan maiiyak na, hala! Huwag na tayong mag-emote.” Tumawa ito sa sinabi niya. “Anong oras ba babalik sina Aldo?” pagbabago niya ng topic para tumigil na sa pagse-self-pity ang kausap.

Parang nagulantang pa si Tia Berty sa tanong niya, “Ay, naku! Pauwi na ang mga iyon. Kanina pa sila umalis. Maghahanda muna ako ng makakain nila. Um-order kasi ng inihaw na porkchop ang mga 'Kano. Mag-iinuman daw dito.”

“Bah! Jackpot ka pala ngayon, ah!”

“Naku! Maghapon na nga ako dito, wala pang buena mano.

Sila pa lang kung saka-sakali.”

“Ganoon ba?” Dumukot ng pera ang dalaga sa bulsa niya. “Ano ba’ng merienda meron dito para magka-buena mano ka na? Nagugutom na rin ako.”

“May niluto akong ginataan, pero huwag mo nang bayaran. Pauutangin mo na nga ako, eh.”

“Huwag kayong ganyan, Tia Berty. Mamalasin kayo, sige ka.” Tinungo niya ang bakanteng mesa na malapit sa bintana at naupo roon.

Wala pang balak umuwi ng bahay si Kristi. Wala naman kasi siyang gagawin doon. Balak niyang tumambay sa puwesto ni Tia Berty at hintayin ang pagbabalik ni Aldo.

Mapresko ang puwesto ni Tia Berty, palibhasa yari sa sawali at nipa ang buong istraktura ng tindahan nito. Malaki rin ang mga bintanang nakapaligid at mula sa kinauupuan niya ay tanaw na tanaw niya ang *Bulkang Mayon*.

Maaliwalas ang buong kalangitan. Mayroong makapal na ulap na nakatakip sa bunganga ng cone-shaped volcano. Nagmukhang salakot sa ‘ulo’ niyon ang ulap na nakatabing.

Napangiti si Kristi sa sarili. Tiyak niya, naiinitan din si Daragang Magayon kaya gumamit ng salakot.

The volcano could be seen in its pure splendor. Napakaganda ng hugis niyon at napakaluntian ng kulay.

Noon pa man ay tinagurian na iyong perfect cone ng buong mundo. And if everyone could only see how perfect it was, tiyak mai-in love lahat sa taglay nitong ganda.

Napangiti ulit siya.

She could almost imagine those tourists having their blast with the picturesque *Mayon Volcano*. Nasa mood kasi magmayabang ang bulkan. Talagang ipinangalandakan niyon ang taglay na kagandahan.

Taliwas sa pinangangambahan ng lahat, tahimik lang iyon at walang bakas ng pag-aalboroto. Tila isang higante na tahimik lang na nagmamatyag sa sanlibutan.

Napabuntonghininga si Kristi.

And who wouldn't fall in love with its majesty? Kahit nga si Kristi ay paborito niyang subject sa paintings niya ang *Bulkang Mayon*. Hindi yata niya pagsasawaang tingnan ang walang kupas na kagandahan niyon.

If only humans could stay that way, too, forever. Siguro lahat ng tao ay hindi magdaranas ng mid-life crisis sa buhay. At hindi na kailangang gumasta ng limpak-limpak sa mga kemikal na pampabata ng katawan.

“Matagal pa ba sila, Tia Berty?” naiinip na tanong ni Kristi.

Nakadalawang mangkok na siya ng ginataan pero wala pa si Aldo at ang mga kasama nito.

“O, ’andito na pala sila!” Kumaway ang matanda sa mga bagong dating.

Napalingon naman siya sa bungad ng karinderya.

Pitong Amerikano ang mga bisita, tatlong babae at apat na lalaki. Pulos nakangiti, ibig sabihin ay nasiyahan sa pamamasyal.

Tanaw na tanaw ni Kristi ang kabilang puwesto ng *ATV MR* dahil magkatabi lang naman iyon at ang tindahan ni Tia Berty.

Mayamaya ay tinungo ng mga banyaga ang karinderya para magmerienda at naupo sa isa sa mga bakanteng mesa. Naiwan si Aldo sa puwesto ng *ATV MR* para ayusin ang mga ginamit na sasakyan. Kinausap muna nito ang alalay bago binalingan ang daan patungo sa tindahan ng ina. Wala pa itong kamalay-malay na naroroon siya at naghihintay rito.

Aldo had long easy strides. Hindi nagmamadali ang mga hakbang nito kahit kailan. Pero nahihirapan siyang humabol sa mga hakbang nito kapag nakakasabay niyang maglakad ito.

Kristi would always complain and Aldo would just laugh it off. He found her complaints funny.

Walang magkakamaling beinte-cinco na ang kaibigan niya. He looked much younger than his age.

Dahil siguro hindi ito seryoso sa buhay kaya ganoon.

Tingin niya kasi kay Aldo ay walang ambisyon sa buhay sa kabila ng talinong taglay nito. Otherwise, he would have found a much better paying job than taking care of those big bikes.

Pero natuwa siya sa sinabi ni Tia Berty sa plano nitong pag-a-abroad. May ambisyon din pala ang kaibigan kahit papaano. He should have actually done that before. Marami namang nakakapunta ng Saudi upang magtrabaho na hindi tapos ng kolehiyo.

But on second thought, nalungkot din si Kristi. It meant one thing, magkakalayo silang dalawa.

Napabuntonghininga siya, sabay naman ng pagbaling nito ng paningin sa kinaroroonan niya. Agad siya nitong namukhaan dahil ngumiti kaagad at kumaway pa.

Napangiti na rin ang dalaga. Aldo had a charming smile dahil siguro maganda ang mga ngipin nito. Hindi kaguwapuhan ang kaibigan niya, pero *keri* nito ang sarili kaya marami na ring babae ang naduduling dito.

Hindi matangkad ang lalaki, five-six lamang ang taas nito at okay rin ang pangangatawan, palibhasa sporty type ito. Sabak sa trabaho ang kaibigan niya at hindi na nito kailangan ang magbabad sa gym upang gumanda lang ang katawan.

Aldo wore his favorite sports outfit, old *Nike* jacket, bike shirt and shorts and a pair of worn-out *Nike* shoes. Habang naglalakad

ay walang pakialam na hinubad nito ang suot na jacket.

Tumambad sa kanya ang katawan nito at wala sa loob na napatitig siya roon.

Walang malisya pero na-realize niyang sexy pala si Esmeraldo Catacutan. Nakaka-distract ang six-pack abs nito at higit sa lahat ay...

Napahigit ng malalim na hininga si Kristi, sabay kurap nang ilang beses.

Oh my, dapat ngang katakutan si Esmeraldo sa taglay nitong...

“Ano’ng ginagawa mo rito?”

Namamalikmatang napakurap siya, sabay alis ng tingin sa *katatakutang* bagay na nakabulaga na sa harapan niya, “Uhm... w-wala. Nabo-bore ako sa bahay kaya tumambay ako rito.”

“Sana inagahan mo. Nakasama ka sana kanina.” Hinila ni Aldo ang upuan sa ilalim ng mesa at naupo paharap sa kanya.

Napa-*whew* siya sa sarili.

At least, natakpan na ng mesa ang distraction sa mga mata at concentration niya. Pero bago makasagot si Kristi ay kumiriring ang cell phone niya. Ang mommy niya ang tumatawag at pinauwi siya ASAP.